Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

8 Enero 2023 | Dakilang Kapistahan ng Pagpapakita ng Panginoon | Taon A

Paggalang sa Tagapagligtas ng Lahat ng Bansa

Ang Epipaniya ay ang pagpapakilala kay Hesus bilang Hari/Tagapagligtas hindi lamang ng mga Judio, kundi ng lahat ng tao. Ipinaaalala sa atin ng kapistahan ngayon na mahal ng Diyos ang lahat ng bansa't kultura sa mundo. Nakikipag-ugnayan Siya sa atin sa maraming kadalasa'y di-lantad na paraan – sa pamamagitan ng mga inspirasyon, mga pangyayari, at sa Kanyang Salita. Kadalasan ding nagtatambal ang mga paraang ito at nagiging malinaw kapag nakalipas na. Ang hamon sa atin ay unawain ang mensahe ng Diyos at tugunan ito nang buong ***pananampalataya, bukas-palad,*** *at* ***tapang,*** *tulad ng ginawa ng mga Pantas.*

Sa pagsisimula natin sa pagdiriwang ng Eukaristiya, isama natin sa ating mga kahilingan lahat ng taong nagsisikap magkaroon ng pagkakasundo at pagtutulungan.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Narito at dumarating ang Poong D'yos, Hari natin. Paghaharing walang maliw, kapangyarihang magiliw ay lagi n'yang tataglayin.

Pagbati

P–Pagpalain ang Diyos na nagsugo ng Kanyang Anak upang iligtas ang lahat ng tao. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B– **At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P–Natitipon bilang mag-anak ng Diyos ngayong Kapistahan ng Pagpapakita ng Panginoon, tayo ay buong tiwalang humiling sa Panginoon ng Kanyang pagpapatawad sa ating mga kasalanan, upang masamba natin Siya nang malinis ang ating kalooban. *(Manahimik sandali.)*

P –Panginoong Hesus, naparito ka upang tipunin ang mga bansa sa kapayapaan ng Kaharian ng Diyos. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P –Panginoong Hesus, pinuspos mo ng malaking kagalakan ang mga Pantas. Kristo, kaawaan mo kami!

B – **Kristo, kaawaan mo kami!**

P –Panginoong Hesus, naparito ka upang maghatid ng ilaw sa aming mundong madilim upang liwanagan kami ng iyong biyaya. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – **Amen!**

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, ipinahayag mo ang iyong Anak sa mga bansang pinatnubayan ng talang maliwanag. Kaming mga sumasamba nang may pananampalataya ay loobin mong maitaguyod hanggang makaharap sa iyong kadakilaan sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **– Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Isa 60:1-6***

Sa matulaing pagpapahayag, tinutukoy ng propetang si Isaias ang maluwalhating hinaharap na inilalaan ng Diyos para sa Jerusalem. Inilalapat din ng Simbahan ang ganitong pangwakas na pangitain sa kanyang sarili, ang "Bagong Jerusalem," na pinagpala ng pamamalagi ng Nagkatawang-taong Anak ng Diyos, at ipinag-aanyayang aniban ng lahat ng tao.

L **–**Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Bumangon ka, Jerusalem, at magliwanag na tulad ng araw.

Nililiwanagan ka ng kaningningan ng Panginoon. Mababalot ng dilim ang ibang mga bansa; ngunit ikaw ay liliwanagan ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang kaningningan. Sa ningning ng iyong taglay na liwanag, yaong mga bansa, sampu ng mga hari'y lalapit na kusa.

Tumingin ka sa paligid at tingnan mo ang nagaganap. Ang mga anak mo'y nagtitipon na upang umuwi. Ang mga lalaki'y magmumula sa malayo, ang mga babae'y kargang tila mga bata. Ang tanawing ito kung iyong mamalas, ikaw ay sisigla, sa iyong damdami'y pawang kagalakan yaong madarama; pagka't ang yaman niyong karagata'y iyong matatamo, at ang kayamanan ng maraming bansa ay makakamtan mo. Maraming pangkat na nakasakay sa kamelyo ang darating mula sa Madian at Efa. At sa Seba nama'y darating silang may taglay na mga ginto at kamanyang. Ihahayag ng mga tao ang magandang balita tungkol sa ginawa ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 72***

B –Poon, maglilingkod sa 'yo ta-nang bansa nitong mundo!

R. M. Velez



*** Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran, sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya'y bahaginan; upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan, at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay.** ***B.***

*** Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan, madama ng bansa niya at umunlad habang buhay. Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak, mula sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat.** ***B.***

*** Mga haring nasa pulo at naroon sa Espanya, maghahandog ng kaloob, ihahain din sa kanya pati yaong mga hari ng Arabia at Etiopia, may mga kaloob ding taglay nilang ala-ala. Ang lahat ng mga hari, gagalang sa harap niya, mga bansa'y magpupuri't maglilingkod sa tuwina.** ***B.***

*** Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag, lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap; sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag, sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Ef 3:2-3.5-6***

Ipinaaalala sa atin ngayon ni San Pablong nabuwag na, sa pagdating ni Kristo, ang hadlang na namamagitan sa mga Judio at mga Hentil. Kapwa silang inaanyayahang magkaisa bilang "Bayan ng Diyos" sa ilalim ng kaharian ni Hesus na Tagapagligtas ng lahat.

L **–**Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid: Marahil naman, nabalitaan na ninyong dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay ipinagkatiwala niya sa akin ang tungkuling ito para sa inyong kapakinabangan. Ipinahayag sa akin ng Diyos ang kanyang lihim na panukala. Ang hiwagang ito'y hindi ipinaalam sa mga tao noong mga nakaraang panahon, ngunit inihayag ngayon ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu, sa kanyang mga banal na apostol at mga propeta. At ito ang lihim: sa pamamagitan ng Mabuting Balita, ang mga Hentil, tulad din ng mga Judio, ay may bahagi sa mga pagpapalang mula sa Diyos; mga bahagi rin sila ng iisang katawan at kahati sa pangako ng Diyos dahil kay Kristo Hesus.

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Aleluya ***Mt 2:2***

B **–Aleluya! Aleluya!**
Ang tala'y aming nakita kaya't kami'y nagsipunta upang sa Poon sumamba.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mt 2:1-12***

Mga kampeon ng pananampalataya at pagsusumikap ang mga Pantas. Sila ang ating mga huwaran sa pagsunod sa tala ng inspirasyon ng Diyos at patnubay ng Kanyang Salita.

P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B **–Papuri sa iyo, Panginoon!**

Si Hesus ay ipinanganak sa Betlehem ng Judea noong kapanahunan ni Haring Herodes. Dumating naman sa Jerusalem ang ilang Pantas mula sa Silangan at nagtanung-tanong doon: "Nasaan ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin sa Silangan ang kanyang tala at naparito kami upang sambahin siya."

Nang mabalitaan ito ni Haring Herodes, siya'y naligalig, gayon din ang buong Jerusalem. Kaya't tinipon niya ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba sa Israel at itinanong sa kanila kung saan ipinanganak ang Mesiyas. "Sa Betlehem po ng Judea," tugon nila. "Ganito ang sinulat ng propeta:

'At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi nga huli sa mga pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo lilitaw ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayang Israel.'"

Nang mabatid ito, lihim na ipinatawag ni Herodes ang mga Pantas at itinanong kung kailan lumitaw ang tala. At pinalakad niya sila patungong Betlehem matapos pagbilinan ng ganito: "Humayo kayo at inyong hanaping mabuti ang sanggol. Kapag inyong natagpuan, ibalita agad ninyo sa akin upang ako ma'y makasamba sa kanya." At lumakad na nga ang mga Pantas. Muli silang pinangunahan ng talang nakita nila

sa Silangan hanggang sa sumapit ito sa tapat ng kinaroroonan ng bata. Gayon na lamang ang galak ng mga Pantas nang makita ang tala! Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ng kanyang inang si Maria. Lumapit sila at nagpatirapa at sinamba ang bata. Binuksan nila ang kanilang mga sisidlan at inihandog sa kanya ang dala nilang ginto, kamanyang at mira.

Nang sila'y pabalik na, sinabi sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng panaginip na huwag na silang babalik kay Herodes. Kaya, nag-iba na sila ng daan pauwi.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P **–** Pinasisigla ng halimbawa ng mga Pantas, magharap tayo ng ating mga handog at kahilingan sa Panginoon habang sinasabi nating:

B **– Panginoon, dinggin mo kami!**

* Para sa Simbahang Bagong Jerusalem kung saan tinatawagan ng Panginoon ang lahat ng tao sa mundo: Nawa siya'y manatiling maliwanag na tanda ng pag-ibig na panlahat ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa Santo Papa at lahat ng mga pinunong espirituwal: Nawa ang kanilang mga turo at halimbawa ay maging parang mga talang namamatnubay sa mga tao tungo kay Hesus. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating mga misyonerong nagsisikap na maghatid ng liwanag ng Kristiyanong pananampalataya sa mga di nakakakilala rito: Magtagumpay nawa sila sa paglalangkap ng mga pagpapahalaga ng Ebanghelyo sa kanilang kultura. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga kasapi ng mga *BEC* at mga pamayanang karismatiko: Nawa sila ay maging mga tagapaghatid ng liwanag ni Hesus sa ating mga parokya. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa bawat isa sa ating naririto ngayon: Nawa sumunod tayo sa paggabay ng Salita ng Diyos na ipinahahayag ng Simbahan. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P **–** Panginoong Hesus, tulad ng Jerusalem, bumabangon kaming nagniningning pagkat sumapit na ang iyong liwanag. Matulad nawa ang aming asal sa isang talang gumagabay sa iba tungo sa iyong nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

P **– Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P – Manalangin kayo . . .

B **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay ng iyong sambayanan na hindi na ginto, mira at insenso ang tinataglay kundi ang inilalahad, inihahain at pinagsasaluhang si Hesukristo kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **– Amen!**

Prepasyo

P – Sumainyo ang Panginoon!

B **– At sumaiyo rin!**

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa katauhan ng iyong isinugong Mesiyas, nahayag sa amin ang katuparan ng iyong balak. Ngayon nga'y iyong ipinakikita sa tanan ang liwanag na tumatanglaw sa sangkatauhan. Sa pagpapahayag ng Anak mong ginigiliw na siya ay hindi naiiba sa amin, minarapat mong sa pagkatao nami'y magningning ang kariktan ng kadakilaan niyang di magmamaliw.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B **– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAGWAWAKAS

B **– Ama namin . . .**

P – Hinihiling namin. . .

B **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Panginoong Hesus, ang liwanag ng lahat ng mga bansa. Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Nakita nami't natanaw ang tala n'ya sa silangan kaya't kami ay naglakbay upang aming mahandugan ng alay ang Poong mahal.

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, pangunahan mo kaming lagi sa iyong liwanag upang ang niloob mong aming pinagsaluhan ay mapakinabangan namin nang marapat at lubusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*–** Sumainyo ang Panginoon.

***B*– At sumaiyo rin!**

***P*–** Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik sandali.)*

– Buhat sa dilim, tinawag kayo ng Diyos sa Kanyang liwanag. Nawa malasap ninyo ang Kanyang kabaitan at tumatag nawa kayo sa inyong pananalig, pag-asa, at pag-ibig.

***B*– Amen!**

***P*–** Sinundan ng mga Pantas ang tala at natagpuan nila si Kristong liwanag na buhat sa liwanag. Bilang mga tagasunod ni Kristo, nawa gawin niya kayong ilaw ng inyong kapwa.

***B*– Amen!**

***P*–** Matulad nawa kayo sa patuloy na pananalig at pagkabukaspalad ng mga Pantas at pagpalain kayo ng presensiya ng Panginoon.

***B*– Amen!**

***P*–** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*– Amen!**

***P*–** Humayo kayo sa kapayapaan upang ipamahagi ang liwanag at pag-ibig ng Panginoon.

***B*– Salamat sa Diyos!**

Pasikating Muli ang Ating Tala!

Sa kadiliman ng gabi
ng mga problema't trahedya,
pagpalain nawa ang lahat ng nagsisikap
na ipakiayon nila ang pamumuhay nila
sa pananaw, tapang, at pananalig ng tala
ng Diyos na nagniningning pa rin
habang ang iba'y binawian na ng ningning,
hanggang maglahong muli sa dilim,
at animo'y mga bulang tuluyan nang nawala.

Ngunit mga tala ma'y
naglaho rin kung minsan
sa likod ng maiitim na ulap.
Gayon din sa atin: may oras na darating
na kalangita'y magdidilim
at tila tayo nawalay . . .
at naligaw sa ating buhay.
Hindi rin natin matanto
kung makailan tayo mabibigo
o ilang beses madadapa't
masasadlak sa masama . . . .
Tila nga kay-layo natin
sa langit na maningning
na dati-rati nating tahanang
nang magkasala'y ating iniwan . . . .

Sino ang makahahawi para sa atin
ng maiitim na ulap na nagkukubli
sa ating talang nagniningning?
Sino kaya ang makapag-iilaw
ng isa pang tala para sa atin
upang maging patnubay pabalik
sa tahanan nating tunay?
Pag-iilaw ng tala'y hindi natin kaya;
makakagawa nito'y tanging Siya
na may likha sa langit at lupa't
lumikha sa araw na sumisikat
na pananglaw sa lahat.
Kaya Niyang ang langit ay punuin
ng mga bituing nagniningning.
Siya ang Panginoon natin
na lubhang magiliw.
Sa Kanyang pag-ibig,
mapaglalaho Niya ang dilim
na bumabalot sa atin.
Siya ang kaliwanagan . . .
Siya ang ating kaligtasan!
Muli Niyang mapagliliwanag
ang ating pananalig at pangarap,
nang tayong Kanyang minamahal
ay mahango at muling mabuhay.

Bukod-tanging Siya nga lamang
ang makagagawa para sa ating
Kanyang mahal.
Tayong Kanyang mga anak
ay papatnubayan ngang lahat
ng bagong talang maliwanag.
At tayo, tulad ng mga pantas
na saglit na naligaw ng landas,
saka makapagpapatuloy sa landas
na tinatahak.
At ang mga puso nati'y muling magagalak
sa muling pagpapakita ng talang sinusundan.
Ang nagsasabog-liwanag
sa buong kalangitan
ay walang iba kundi si Hesus,
na tanging Ilaw ng ating buhay.

Jess P. Balon
(Isinalin ni Cecilia G. Valmonte, EdD)

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Fr. B. Nolasco, M. Vibiesca, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua